CONFERENTIA
EPISCOPALIS SCANDIÆ

## Liham Pastoral mula sa Kapulungan ng mga Obispo sa Nordic

***"Kaya pagkagising ni Jose, ginawa niya ang sinabi ng Anghel ng Panginoon at tinanggap niya ang kanyang asawa"*** (Mt 1,24a)

Ganito nagtapos ang ulat ng ebanghelista na si Mateo tungkol sa panaginip ni Jose. Dito ipinaliwanag ng Diyos ang mga plano niya para kay Maria, at nagdulot ng tibay ng loob kay Jose. Kinausap ng Diyos si Jose sa pamamagitan ng mga panaginip; kahit na tahimik at tago ang kanyang katayuan sa mga ebanghelyo dahil sa kanyang mapagpakumbabang katapatan, siya ay may mahalagang bahagi sa kasaysayan ng kaligtasan. "Kay Jose, nakita ni Hesus ang malambing na pagibig ng Diyos." (Patris Cordis, 3). Sa Tradisyon ng Simbahan, si Jose ay lalo't higit naging mahalaga. Binigyan liwanag ni Papa Francisco ang gampanin ni Jose sa ating buhay Kristiyano, hindi lamang sa liturhiya na inutos na palagiang banggitin si Jose sa mga panalangin eukaristiko. Ang taong ito na inihayag bilang *Taon ni San Jose* ay nagbibigay ng pagkakataon upang higit na makilala si Jose at hingin ang kanyang tulong upang masundan natin mas maigi si Hesus.

1. Si Jose ay *taong may pananampalataya at matuwid* (hm Mt 1:19). Katulad ni Abraham, ang ating ama sa pananampalataya, siya ay inilawaran bilang isang matuwid na tao. Hindi niya gusto maging dahilan ng hiya o pinsala kay Birhen Maria. Kay Jose ang makabibliyang mithiin ay naisakatuparan. Nakinig si Jose sa tinig at kalooban ng Diyos kahit humingi ito sa kanya ng higit at mahirap maintidihan. Sa ganitong paraan, si Jose ay naging guro natin sa kalagayan kung saan dumadaan ang ating pananampalataya sa pagsubok. Itinuturo niya sa atin na isuko natin sa Diyos kahit na ang mga mahihirap na katayuan sa buhay.
2. Si Jose ay *taong mapanalangin at tahimik.* Walang tayong natanggap kay Jose kahit na isa man na tinurang salita. Sa kabilang dako, nakita na siya ay sumunod sa mga tagubilin ng Diyos (hm Mt 1:24). Sa kanyang pagtalima, ang gusto ng Diyos na gawin niya ay nangyari. Kailangan natin ng katahimikan bilang sagradong puwang kung saan natututo tayong kilalanin ang maselan ngunit malinaw na tinig ng Diyos. Bilang marubdob na Hudyo, si Jose ay nanahan sa Banal na Kasulatan at sanay magnilay sa Salita ng Diyos sa kanyang mga panalangin. Kaya nga siguradong naturuan niya si Hesus na magdasal. Sa ganang tingin ni Teresa ng Avila, si Jose ay isang guro ng sining ng panalangin. Kung wala tayong matatagpuang espiritual na kaagapay, pwede tayong bumaling palagi sa kanya.
3. Si Jose ay *tagapangtanggol ng mag-anak* (hm Mt. 2:13-23). Sa oras ng banta ng panganib, inako niya ang kapakanan at kaligtasan para sa kanyang maliit na mag-anak sa Ehipto at pagbalik sa Nazaret. Di natin alam ang pangaraw-araw na pamumuhay sa Nazaret. Walang duda na mahirap at hindi biro para kay Jose ang pagtaguyod sa mag-anak. Kung matingnan natin ang buhay ng mag-anak, ito ay magbibigay ng inspirasyon sa ating sariling buhay mag-anak. Nakagitna si Hesus na sinusundan si Birhen Maria kanyang ina

at ina rin natin, habang si Jose bahagyang nasa sa likod nila. Sa pamamagitan ng maingat na panglilingkod at pag-aaruga, si Jose ay naging huwaran para sa lahat ng ama. Alam natin kung gaano kahalaga ang gampanin ng ama sa pabibigay ng tugmang pagpapalaki sa mga anak. Kaya't nagdudulot-saya ang makita kung gaano taus-pusong ginagampanan ng mga ama ang pag-alaga sa kanilang mga anak at masayang naglalaan ng panahon para sa kanila. Ito ay nagpapataba ng puso lalo na sa panahon kung saan ang mga ama ay bumitiw sa kanilang pananagutan o kaya naman ay wala sa kanilang piling.

4. Si Jose ay *huwaran at tagapag-adya ng mga manggagawa.* Katulad ng karamihan, kailangan ni Jose na balikatin ang kanyang sarili at ang kanyang mag-anak sa pamamatigan ng paggawa. Sa makabibliyang kahulugan, ang paggawa ay lalo't higit na mahalaga. Ito ay tawag na makibahagi sa nilikha ng Diyos. Katulad ni Jose, pwede tayo gumawa kasama ang Manglilikha sa pamamagitan ng araw-araw at minsan nakakapagod na pagbata, ng sa gayon maipahayag ang kagandahan ng sangnilikha. Sa kasawiang palad, marami sa mga manggagawa ay napagnakawan na kanilang dignidad at niyurakan ng ibang-ibang uri ng pagsasamantala. “May karapatan ang trabahador sa kanilang suweldo” (1 Tim 5:18). Samakatuwid, si Jose ay nangangailangan ng katulong. Si Jose ang inspirasyon natin upang gumawa tayo sa piling ni Hesus at para kay Hesus. Sa ganitong paraan, nag-aambag tayo upang lumikha ng mas mainam na lipunan, higit na makatarungan at may kapayapaa upang ang lahat ng ito ay ikaluluwalhati ng Diyos at ikabubuti ng lahat.

5. Si Jose ay ang *dalisay na kabiyak ng Birheng Maria.* Matapat siyang umalalay kay Maria habang ang walang hanggang anak ng Ama, “Diyos mula sa Diyos, Liwanag mula sa Liwanag”, lumaki sa sinapupunan. Sa ating lipunang labis ang pagkahumaling sa buhay sekwal, si Jose ay nagbibigay ng mahalagang saksi sa pamamagitan ng kalinisan. Ang kalinisan di lamang tumutukoy sa ating sekwal at emosyonal na buhay; ito ay nagpapahayag ng “kabuohan ng pagkilos.” Ang kalinisan ay kalayaan mula sa pagkamapang-ari sa lahat ng aspeto ng buhay ng bawat isa. Ang pag-ibig na malinis lamang ang tunay. Ang mapag-aring pag-ibig ay sa bandang huli nagiging mapanganib. Ito ay nangpipiit, nanggigipit, at nahuhulog sa karalitaan. Mahal ng Diyos mismo ang sangkatauhan ng may malinis na pagmamahal; hinayaan niya tayong maging malaya at kahit minsan ay naligaw at naging palaban sa kanya. Ang lohika ng pag-ibig ay palaging lohika ng kalayaan, at alam ni Jose kung paano ang magmahal ng may di karaniwang kalayaan. Hindi kailanman ginawa niyang sentro ng mga bagay ang kanyang sarili.” (Patris Corde, 7). Siya ay dakilang halimbawa sa lahat ng tao na gustong magsabi na: “hindi na ako ang nabubuhay kundi si Kristo ang nabubuhay sa akin.” (Gal 2:20). Matutulungan tayo ni Jose na matuklasan ang buhay mag-anak – ang mataas na antas nito nahuhubog sa pagkapantay-pantay. Higit sa lahat, matutulungan ni Jose ang mga kalalakihan na huwag padala sa patriarkalismo o pangmacho pagkilos, ng sa gayon kanilang maranasan ang tunay na ligaya ng pag-ibig at maibahagi ito.

6. Si *Jose ay patron ng Simbahan.* Ang pagtatangol ni Jose kay Hesus noong sanggol at bata pa ito ay siya ring ginagawa niya sa buong katawan mistiko ni Kristo, ang Simbahan, habang ito ay naglalakbay pa rito sa daigdig. Sa pang-araw-araw na buhay sa Nazaret, si Jose ay matapat at mapagkakatiwalaan na katuwang nina Hesus at Maria (hm Mt. 2:14).

Mayroong din siyang tungkulin sa Simbahan, sa mapayapa man o sa maligalig na panahon. Kaya dapat tayong higit na humingi ng panalangin ni Jose para sa Simbahan at mga Kristiyano, lalo na sa mga bansang may pag-uusig.

7. Si Jose ay *huwaran ng gawaing-pangangalaga.* Sa mensahe ng kapayapaan noong ika-1 ng Enero ng taong ito, binigyan diin ni Papa Francisco na kailangang lumikha tayo ng “kultura ng pangangalaga”. Ito ay noong siya ay magsalita tungkol sa pagtayo ng “makakapatirang lipunan”. Si Jose ay matapat sa pag-aaruga sa kanyang mag-anak. Kaya hindi na nakapagtataka na maraming mga relihiyosong orden at espritual na pamayanan, mga parokya at simbahan nasa ilalim ng kanyang pagkalinga. Isipin na lamang natin ang Sister of St Joseph na tumulong lumikha ng “kultura ng kapayapaan” sa ating mga bansa. Magagawa ni Jose na pasiglahin pa tayo sa gawain ito.

8. Si Jose ay *tagapangtanggol ng mga refugees at mga migrante.* “Bumangon ka, dalhin ang sanggol at ang kanyang ina at tumakas pa-Ehipto” (Mt. 2:13). Ito ang sabi ng Anghel ng Panginoon kay Jose. Nagpapakita ang paglikas sa Ehipto na si Jose ay kabahagi sa kapalaran ng di mabilang na mga tao. Ang kalagayang ito, ang pagtakas at paglikas ng malawak na pangkat ng mga tao ay isang pandaigdigang hamon na hindi maiiwasan, datapwat sana ay dapat iwasan. Walang madaliang solusyon ito. Ngunit bawat isa ay may tungkulin at pananagutan na tumulong masiguro na ang mga tao ay di dapat lumisan sa kanilang mga tahanan. At kung talagang kinakailangan, dapat maibsan ang hapis ng kanilang paglisan at mabigyan sila ng bago at karapatdapat na tahanan sa ibang bansa, kahit na pansamantala. Pangunahing pananagutan ito ng mga politiko at dapat may ambag ang bawat mamayan sa pagkakaroon ng mapagtanggap na kalagayan.

9. Si Jose ay *pag-asa ng mga mamamatay.* Sa ating lipunan, ang kalungkutan at pag-iisa ay kadalasan siyang nananaig, at marami ang namamatay na nag-iisa. Ipinagkakatiwala natin lalong lalo na sa panalangin ni San Jose na siyang madalas tawagan ngayong panahon na saklolohan at damayan ang mga namamatay. Alam natin kung gaano kahalaga ang oras ng kamatayan at ang kailangang handa sa huling pakikipagtagpo sa Panginoon. Sa kadahilanan ito, alisin natin ang anumang kasalanan ating kinasasadlakan at ang ating pagkamakasarili; at ipagkatiwala ang ating mga sarili sa mga palad ng Panginoon ng may pag-asa at tiwala. Kapag si Jose nasa tabi natin mas madaling tingnan ang kamatayanan bilang “kapatid na kamatayan,” ayon kay San Francisco. Bawat isa sa atin, kailangan harapin ang hirap at takot ng kamatayan. Ito ay dahil sa kawalang katiyakan kung ano ang mangyayari pakatapos, o kaya dahil sa kamatayan may nakaambang banta ng dahas at pighati. Bilang nananalig sa Muling Pagkabuhay ng Panginoon at sa ating pakikibahagi dito, tayong mga Kristiyano ay tinawag bilang mga saksi ng buhay na nagbibigay ginhawa at pag-asa.

Ipinagtanggol ni Jose ang Panginoon ng Buhay sa umpisa ng kanyang makalupang pag-iral; inilagak niya ang kanyang buhay sa paglilingkod sa Diyos. Tayo nawa'y maging mga tagapag-tanggol ng buhay sa tulong niya, sa umpisa, sa katapusan, at sa kabuohan ng ating buhay sa daigdig na kung saan napakaraming mga tao ang nabubuhay na may banta, alinlangan at minamaliit. Palakasin nawa ni San Jose ang ating pakikipamuhay sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga panalangin, ng kanyang pagiging huwaran at pagkamatulungin sa lahat ng nangangailangan.

*Aba, tagapangtanggol ng Tagapaglistas*
*at kabiyak ng Birhen Maria.*
*Sa iyo itinagubilin ng Diyos ang kanyang Anak,*
*sa iyo nagtiwala si Maria,*
*kasama ka ni Kristo sa paglaki bilang tao.*
*O San Jose, maging ama ka rin namin,*
*at gabay namin sa landas ng buhay.*
*Ipanalangin mong makamit namin biyaya, awa at lakas ng loob*
*at ipagtanggol mo kami sa lahat ng masama. Amen.*

Inihalad sa kapistahan ng Anunciation, Ika-25 Marso, 2021

+ Obispo Czeslaw Kozon, Copenhagen, pangulo

+ Kard. Anders Arborelius, OCD, Stockholm, bise pangulo

+ Obispo Bernt Eidsvig, Can. Reg, Oslo

+ Obispo David Tencer, OFMCap, Reykjavik

+ Obispo Prelate BerislavGrgic, Tromsø

+ Obispo Prelate Erik Varden O.C.S.O., Trondheim

+ Obispo Peter Burcher em.Reykjavik

+ Padre Marco Pasinato, Tagapangasiwa ng Diyosesis, Helsinki